

Liturhiya sa Paghahanda sa Ikatlong Linggo sa Pagdatal

### Paghahanda

Upang magkaroon ng isang makahulugang pagdiriwang ng Pagdatal at Linggo ng Karapatang Pantao, magtalaga ng mga kabataan na gagawa ng mga paghahanda: Pagtugtog ng tambol – isang may inetval na palo. Isang malakas na pag-iyak o pagtangis na susundan ng malakas na tunog ng tambol. Habang ang tambol ay tumutunog, ang iba sa mga kabataan ay mananakbo/maglalakad tungo sa gitna ng santwaryo at isasagawa ang “tableau” ng iba’t-ibang paglabag sa karapatang pantao sa loob at labas ng bansa. Hayaan silang nasa gitna ng santwaryo hanggang hindi pa naipapahayag ang unang mga pangungusap sa pagsamba.

**Prelude** (Maaaring tugtugin ng plawta ang awit na “How Can Our Song this Time Be Chanted HFJ # 368)

### Panimulang Pangungusap

Patnugot : Sa lahat ng nakararanas ng paghihirap (tunog ng tambol)  
 Iglesya: Kaloob ng Diyos sa sandaigdiga’y daratal;  
 Patnugot: Sa lahat ng nakararanas ng pagkabigo (tunog ng bell)  
 Iglesya: Kaloob na pag-asa ng Diyos ay daratal!  
 Patnugot: Sa lahat ng pinahihirapan (tunog ng putok ng baril)  
 Iglesya: Kaloob na kalayaan ng Diyos ay daratal!  
 Patnugot: Sa lahat na nalulumbay (tunog ng wind chime)  
 Iglesya: Kaloob na kagalakan ng Diyos ay daratal!  
 Patnugot: Sa lahat ng may karamdaman (tinig ng sanggol na umiiyak)  
 Iglesya: Kaloob na kagalingan ng Diyos ay daratal!  
 Patnugot: Sa lahat ng naguguluhan (tunog ng tambol)  
 Iglesya: Kaloob na kapayapaan ng Diyos ay daratal!  
 Patnugot: Sa lahat ng hindi nakararanas ng pagmamahal (tinig ng mga taong sumisigaw)  
 Iglesya: Kaloob na pag-ibig ay daratal!  
 Lahat: Kristo, Panginoon ng sandaigdigan, ay daratal taglay ang pag-asa, pag-ibig, kapayapaan!

**Awit** “O Come, O Come Emmanuel”

Oh, come, O Key of David, come, and open wide our heav’nly home;  
 Make safe the way that leads on high, and close the path to misery.  
 Rejoice! Rejoice! Emmanuel, shall come to you, O Israel!  
 Oh, come, our dayspring from on high, and cheer us by your drawing nigh,  
 Disperse the gloomy clouds of night, and death’s dark shadows put to flight.  
 Rejoice! Rejoice! Emmanuel, shall come to you, O Israel!

### +Panimulang Panalangin (Lahat)

O Diyos, dumudulog kami para doon sa nasa sandaigdigan, na nahihirapan mula sa kawalang katarungan; sa mga nakakaranasan ng diskriminasyon dahil sa kanilang lahi, kulay o relihiyon; sa mga nabilanggo dahil sa pagbibigay kagaanan doon sa mga pinahihirapan; sa mga tinutugis dahil sa pagsasabi ng katotohanan; sa mga nagiging bayolente laban sa hindi matiis na paghihirap; sa mga pinagkaitan ng pangangailangang pangkalusugan at edukasyon; sa mga naghihirap dahil sa pagkagutom at tag-gutom; sa mga sobrang nanghihina na matulungan ang kanilang sarili at wala iba pang tutulong sa kanila; sa mga walang trabaho na ang sigaw ay trabaho subalit hindi makasumpong. Idinadalangin namin ang lahat na apektado ng kawalang hustisya. Patawarin kami,

Panginoon, kung kami ma'y nagiging bahagi ng ganitong kundisyon o sa sistema ng kawalang hustisya. Ipakita mo sa amin kung papaano kami makapaglilingkod sa mga bata at maisapraktikal ang iyong pag-ibig sa pamamagitan ng paghuhugas ng kanilang mga paa. Amen.

### **+Ikatlong Kandila sa Pagdatal: Ang Kandila ng Kagalakan**

Ang ikatlong Linggo sa Pagdatal ay sumisimbolo ng Kagalakan kasama ang “Kandila ng mga Pastol” na nagpapa-alaala na kahit sa gitna ng paghihirap, opresyon at kadiliman, maaaring maranasan ang kagalakan at kaaliwan, maaaring maranasan ito dahil sa nalalapit na pagsilang ng Kristo.

### **+Pambungad na Awit** “Comfort, Comfort You My People”

Translator: Catherine Winkworth; Author: Johann Olearius (1671)

Tune: GENEVAN 42

1. Comfort, comfort you my people; tell of peace, thus says our God;  
Comfort those who sit in darkness bowed beneath oppression's load.  
Speak you to Jerusalem of the peace that waits for them;  
Tell them that their sins I cover, and their warfare now is over.
2. For the herald's voice is calling in the desert far and near,  
Bidding us to make repentance since the kingdom now is here.  
Oh that warning cry obey! Now prepare for God a way;  
Let the valleys rise in meeting and the hills bow down in greeting.
3. Make you straight what long was crooked; make the rougher places plain;  
Let your hearts be true and humble, as befits God's holy reign,  
For the glory of the Lord now o'er earth is shed abroad,  
And all flesh shall see the token that God's word is never broken.

### **Tawag Sa Pagsisisi (Patnugot)**

“Ngunit ang Diyos ay naghihintay upang tulungan kayo at kahabagan, Diyos na makatarungan itong si Yahweh, mapalad ang lahat ng nagtitiwala sa Kaniya” (Isaias 30:18). Sa pananampalataya, ating idulog sa Diyos ang ating mga pagsalangsang.

### **Musika mula sa Palwta** (Kyrie Elieson HFJ# 90 or Lord Look into My Heart HFJ #89)

#### **Panalangin ng Pagsisisi (Lahat)**

Nagpapasalamat kami, O Diyos, na ikaw ay hindi nagbabago, na ang Iyong malasakit sa katarungan at katwiran ay napakalakas na ikaw ay nagkatawang tao para ibahagi ang iyong malasakit sa amin. Humihingi kami ng kapatawaran na madalas kami ay hindi nagsasabi o gumagawa kapag nakakait kami ng mga taong ginagawan ng hindi makatwirang pagtrato. Patawarin kami, O Diyos, sa mga pagkakataong nagagalak kami na marinig ang Mabuting Balita suablit hindi naman namin tunay na isinasapamuhay ito. Patawarin mo kami, sa aming mga ugali na tinitingnan ang halaga ng tao sa kung ano ang kanilang itsura at hindi kung ano ang kanilang halaga bilang tao. Patawarin mo kami, na ang aming mga paghahangad na mauhay na simple at may pagpapakumbaba ay natatalo ng aming sariling mga naisin. Patawarin mo kami, kung inilalagay o ipinagkakaloob namin ang aming pag-asa sa iba na dapat ay kay Kristo – isang sanggol isinilang sa isang pasabsaban. Ang aming pag-asa'y na sa Iyong pangakong habag. O Diyos, abutin mo yaong mga anak mong naroon ang takot sa iyo mula sa iba't-ibang salin-lahi. Papaghilumin, panatilihin at pagpalain mo kami, ito ang aming dalangin, sa pamamagitan ni HesuKristo na aming Panginoon at Tagapagligtas. Amen.

**Katilyakan ng Kapatawaran** (*Ministro*)

Nawa ang Diyos ng Kapayapaan ang siyang maglinis sa iyo. Ang kapangakuan ay ang ating buong pagkatao – espiritu, kaluluwa at katawan ay makitang walang bahid sa pagdating ng ating Panginoong HesuKristo (1 Tess. 5:23). Magalak, at magbigay ng pasasalamat sa ating pagtanggap sa kapatawaran at kagalingan sa ngalan ni Kristo. Amen.

**Makasakit ng Komunidad****Intercessory Prayers**

(Italaga sa mga kaanib – bata sa matanda – magulang sa anak na basahin ang panalangin sa ibaba)

**Tulongan Kami.**

Tulongan mo kaming tindigan ang kabutihang asal na sentro kung sino tayo: ang sangkatauha’y nilikhang B’tzelem Elohim – sa wangis ng Diyos. Tulongan kaming kilanlin ang minanang dignidad ng lahat ng kaanib ng sambahayan ng sangkatauhan na pundasyon ng kalayaan, katarungan at kapayapaan sa daigdig. Masumpungan nawa ang lakas upang protektahan at hilingin ang kawalang pagkakaiba sa bawat isa, ang masiguro ang isang makatarungang pagtrato sa lahat ng naninirahan sa lupain.

**Tugon:** “O Hear Our Prayer, Almighty God” HFJ #83

O hear our prayer, Almighty God, in faith and trust we make our plea!  
O hear our pray”r o loving God. As is your will, so let it be. SO LET IT BE!

**Gabayan Kami.**

Gabayan kami tungo sa iisang batas, isang hustisya, isang makataong pamantayan ng pag-uugali para sa lahat. Ilayo mo kami mula sa mga panlilinlang na nagbibigay karangalan sa banal na imahe sa iba sibalit hindi sa lahat. Maging walang katapusan ang pagpapatibay na ang hustisya na binibigyang halaga ay hindi mauwi sa wala dahil sa hindi nagbibigay halaga sa sangkatauhan, ang pangunahing dignidad ng sangkatauhan na nasasadlak sa ating kalagitnaan.

**Patwarin Kami.**

Patawarin kami sa hindi makataong pamamaraan na kung saan ganito din ang pagtratong nagagawa namin sa iba. Batid namin, na kapag ito ay naging krimen sa sangkatauhan, marami sa amin ang maaaring sangkot, subalit lahat kami ay responsable. Pagkalooban kami ng “Kapparah” o pagpapaumanhin sa mga maling gawi na aming nagagawa sa kaaanib ng lipunan: ang mga hindi ninanais, walang masilungan, walang kasiguruhan, walang pagkakakilanlan.

**Tugon:**

“O Hear Our Prayer, Almighty God” HFJ #83

O hear our prayer, Almighty God, in faith and trust we make our plea!  
O hear our pray”r o Loving God. As is your will, so let it be. SO LET IT BE

**Palakasin Kami.**

Palakasin kami upang masumpungang ang ningning ng liwanag mula sa karimlan ng sandaigdig. Pagkalooban kami ng abilidad na maalís ang takip noong mga natatago mula sa paningin, inilayo, nilimot. Huwag nating kalimutan na walang nalilihim at walang nawawala sa Iyong harapan. Bigyang inspirasyon kami ng karunungan na ang kaluluwa ng tao ay hindi maitatapon o mapapalitan; na hindi namin makakayang subukan, ilayo sa sangkatauhan.

**Tugon:** "Sweet Hour of Prayer"  
 Sweet hour of prayer! Sweet hour of prayer!  
 That calls me from a world of care,  
 And bids me at my Father's throne make all my wants and wishes known.  
 In seasons of distress and grief, my soul has often found relief  
 And oft escaped the tempter's snare by thy return, sweet hour of prayer!

**Paalalahanan Kami.**

Paalalahanan kami sa aming tungkulin na lumikha ng isang makatarungang lipunan dito, ngayon, sa amig panahon. Ipagkaloob sa amin ang pangitain ng layunin upang maging bantay laban sa kawalang gawa ng mga komportable – ang resolbahin ang kabatiran na hindi mababago ang kadahilanan ng hustisya at kalayaan sa susunod na mga araw. Paalalahanan kami na ang panahon ay ngayon. Ngayon ang pagkakataon na likhain ang iyong kaharian sa sanglibutan. Ito nawa'y iyong maging naisin. At ito din ay maging amin. Amen.

**Tugon:** "Hear our prayer O Lord"  
 Hear our prayer, O Lord. Hear our prayer, O Lord;  
 Incline Thine ear to us, and grant us Thy peace. Amen.

**Pagbasa sa Banal n Kasulatan**

Isaias 40:1-5, / Lukas 1:14-17

**Tawag sa Paghahandog (Patnugot)**

"At huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pagtulong sa iba sapagkat iyan ang haing kinalulugdan ng Diyos." –Hebreo 13:16

**Awit sa Paghahandog**

"O Holy Night"

Women's Choir

**Doksolohiya**

**Panalangin sa mga Handog (Patnugot)**

**+Pangwakas na Awit**

**+Pangwakas na Panalangin (Ministro)**

**+Benediksyon (Ministro):**

Tayo nang humayo na may mga matang nakakikita at taingang nakaririnig at tinig na nagpapahayag: Sa gawa ng katarungan: Kristo! Sa paglalapat ng habag: Kristo! Sa Mabuting Balita sa mga dukha: Kristo! Sa pangitain ng kapayapaan: Kristo! Amen!  
 Pasalamatang ang Diyos!

**Tugon:** "How Can our Song This Time be Chanted"  
 Let our hopes be ever brighter, loving Savior.  
 Let not our faith forsake nor fail us.

**Panapos na Huni (Plawta)**

**Sources**

Words for Worship edited by Arlene M. Mark / Worship Elements and Symbols

Worship Resources 9<sup>th</sup> CCA Assembly / Hymnal of Faith Journey

Resources and Reflections for Worship / www.ucc.worshipresources / Worship Together

Ikatlong Linggo ng Pagdatal/Linggo ng Karapatang Pantao  
 Lectionary Title 3: ***Namumuhay sa ilalim ng Dayong Kapangyarihan***

***Lumang Tipan: Isaias 9: 2-5***

Nakatanaw ng isang malaking liwanag Ang bayang malaon nang nasa kadiliman, Namamanaag na ang liwanag Sa mga taong namumuhay sa lupaing balot sa dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, Dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, Tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umaalipin sa iyong bayan Tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila. Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma, Ang lahat ng kasuotang tigmak sa dugo ay susunugin.

***Bagong Tipan: Lucas 2: 1-3***

Nang panahong yaon, iniutos ng Emperador Augusto na magpatala ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang pagpapatalang ito'y ginawa ng si Cireneo ang gobernador ng Siria. Kaya't umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.

***Pangkalahatang Konsepto: Namuhay ang pamilya ni Jesus sa ilalim ng pananakop ng Emperyong Romano.***

*Susing Konsepto sa Lahat ng Antas*

N/K/YE: ***Mahirap ang pamilyang kinalakhan ni Jesus***

ME/OE: ***Namuhay ang pamilya ni Jesus kasama ang mga dukha sa pamayanan.***

Y: ***Nakaranas ng mga paghihirap ang pamilya ni Jesus sa ilalim ng Emperyong Romano.***

A: ***Namuhay ang mag-anak ni Jesus sa ilalim ng pananakop ng Emperyong Romano.***

***Malalimang Pag-unawa sa Batayang Biblikal***

Ang propetikong mensaheng ito ni Isaias ay muling nagpatibay sa mapagpatnubay na proteksyon at kapangyarihan ng Diyos sa harap ng banta ng pananakop ng Asyria. Isinasaad sa talata 1 ang naging kalagayan ng Kahariang Timog na tumutukoy sa Neftali at Zabulon na balot ng lagim at napatapon. Pinaniniwalaang ang mga mamamayan ng Kahariang Timog ay tila lumalakad sa dilim lalo na yaong mga naiwan ng iilang naghaharing uri sa timog na siyang sinalamin ng propetikong boses mula sa Kanlurang Kaharian gayunpaman nanatiling may pag-asa sapagkat ipanganganak ang isang lalaki siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Sinalamin nito ang kalayaang kakamtin ng mga napatapon at naiwang mamamayan mula sa kaharian ng timog. Ang pahayag ring ito ng propeta ay naglalarawan ng katotohanang yaong mga nawalay mula sa kanlurang kaharian ay muling makababalik, muling maitatatag ang iisang kaharian at ang mga mamamayan ng mga kaharian sa timog at kanluran ay palalayain mula sa kaapihan ng mga nagbabantang dayuhang mananakop at emperyo. Ang propetikong kapahayagan ring ito ay matatagpuan sa Bagong Tipan na siyang muling nagpatibay sa pagdating ng mesias sa katauhan ni Jesus na ipinanganak sa panahon ng imperyong pananakop ng Emperyong Roma.

Ang mga Ebanghelyo ay nagsasalaysay ng konteksto ng kasaysayan kung saan ang inaasahang pagdating ng tagapagpalaya ay umusbong mula sa imperyong kapangyarihan. Sa panahon ng pananakop ng Emperyong Romano, kung saan si Agosto ang emperador

na mas nakilala sa pangalang Octavius at naghari simula 23 BCE hanggang sa siya'y namatay noong 14 CE. Ang kautusan ng pagpapatala ay indikasyon na may mga mamamayang hindi nakatira sa kanilang lupang tinubuan. Sa salaysay ni Lucas, si Jose ay kasalukuyang naninirahan sa Galilea at obligadong bumalik sa Bethlehem sapagkat siya'y mula sa lahi ni David, kung saan doon sila parehong ipinanganak. Malinaw na ito'y pagpapalayas sa mamamayan udyok ng sapilitang pagpapasunod sa batas ng emperyo at ang pagpapatalang ito ay imposisyong sumasalamin sa pagiging sunud-sunuran sa polisiya ng Emperyong Romano na nais isaayos ang kanyang nasasakupan ayon sa kanyang pamantayan. Ito ay Pax Romana o kapayapaang ayon sa pamantayan ng Emperyong Roma subalit ang pagpapalayas na naranasan ni Jose mula sa kanyang bayang tinubuan ay hindi ang kapayapaan o kaayusang hinahangad ng mamamayang Hudyo na kung saan siya kabilang. Ang kasalukuyang kalagayang ito sa ilalim ng Emperyong Romano ay pagpapanumbalik lamang ng pagkatapong una na nilang naranasan at siyang sinasalamin ng sapilitang lisanin ni Jose ang kanyang bayang kinalakhan upang magpatala. Malinaw nitong sinasalarawan ang umuusbong na adhikain ng mamamayan ng Juda para sa tunay na paglaya mula sa kolonyal na kontrol at imposisyon. Magkakaroon ng kasagutan ang mga pangyayaring ito sa mga susunod na kabatana, sa pagsilang ng Tagapagligtas at Mapagpalaya mula sa kontrol ng imperyo.

#### *Tulong Gabay para sa mga Guro at Mambabasa*

Sa panahon ni Hesus, ang anino ng makapangyarihang Emperyong Roma ang siyang lumulukob sa lahat. Ito ang nagtatakda sa magiging buhay at kapalaran ng bawat mamamayan at lahat ng kanyang nasasakupan, kasama ang pamilya ni Jesus. Ang kasaysayan ni Jesus, simula sa kanyang pagsilang hanggang sa kanyang kamatayan sa labas ng Jerusalem, ay kinakailangang tingnan sa pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitikal na reyalidad ng kanyang kapanahunan para sa mas malalim na pagkaunawa sa kasaysayan ng kanyang pagkatawag at ministeryo. Labis ang pagpapahalaga ng mamamayang Hudyo sa kanilang kasaysayan bilang bansa. Kinikilala nila ang kanilang pinagmulan bilang mga aliping pinalaya mula sa kanilang pagkaalipin sa Egipto at nagawang itatag ang isang bagong bansa na binibigkis ng kanilang paniniwala sa bagong-kinilalang Diyos na ang ngala'y Yahweh. Ngunit kung babalikan ang mga sumunod na henerasyon wala silang naranasan kundi ang pagiging alipin at inaapi. Saglit lamang ang kanilang pagiging malaya para lamang muli't muli ay sakupin sila ng mga dayuhang mananakop. Sa panahon ni Jesus, nanariwa ang pag-asa ng paglayang hindi kailanman magagapi.

Matatagpuan sa kadulu-duluhang lupaing sakop ng Emperyong Romano, ang Galilea ang siyang lugar, lipunan at pampulitikal na kalagayang nagmulat kay Jesus sa kanyang paglaki. Marami sa mga mahihirap na magsasaka sa lugar na ito ay ginawang mga manggagawa ng Emperyo para sa kanilang mga pagawain pangimprastruktura. Maaaring ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay — at ang kanyang ama na si Jose na isang karpintero — ay isa sa mga naging manggagawa alipin ng di makataong kondisyon at sa madalas ay malayo sa kanilang mga tahanan. Kilala rin ito bilang pugad ng pagaaklas ng mga Hudyo. At may mga pagkakataon na maaaring sinangayunan rin niya ang mga rebolusyonaryong adhikain. Si Simon Iscariote na isa sa kanyang mga disipulo ang siyang makapagpapatunay ng kanyang malinaw na kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan sa nasabing lugar.

Binigyang linaw ng mga tala sa Ebanghelyo na hindi sumama si Jesus sa rebolusyonaryong kilusan. Ngunit ang mas mahalaga, ang mga pampulitikal na reyalidad na nangyayari sa kanyang paligid ang siyang nagpalalim sa kanyang pagkaunawa bilang tagapagligtas ng Israel. Ipinaloob niya sa kanyang ministeryo ang mga pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitikal na layunin ng mga tao o grupo na kumakalaban sa Roma. Ipinailalim niya ang lahat ng ito sa kanyang malalim na pagkaunawa tungkol sa paghahari ng Diyos na kung saan siya'y sinugo upang ipahayag. Nangaral si Jesus tungkol sa nalalapit na pagdating ng mesias na siyang matapat na sinasalamin ng makalangit na katotohanan. Kaya't itinuring siyang banta sa seguridad ng mga makapangyarihan sa Roma at Jerusalem dahil sa kumprehensibo niyang pagsasalarawan sa paghahari ng Diyos na sumasaklaw sa pampulitikal na reyalidad. Ngunit sa lahat ng panahon hindi nila yaon binigyang halaga. Hindi kayang unawain kahit ang mga pinakamalapit na alagad ni Jesus ang kanyang ideya tungkol sa kanyang pagkatawag at ministeryo. binigyang halaga. Hindi kayang unawain kahit ang mga pinakamalapit na alagad ni Jesus ang kanyang ideya tungkol sa kanyang pagkatawag at ministeryo.

## Nursery/Kindergarten/Younger Elementary Levels

### I. Mga Layunin

Matapos ang sesyon lakip ang mga halimbawa na ipinakita ng mga magulang at iba pang nakatatanda, ang mga bata ay makakayanang:

1. simulang bigyang katangian ang buhay ni Hesus bilang bahagi ng mahirap na pamilya;
2. simulang ikumpara ang buhay ng mga pamilyang maraming hamon sa buhay, kay Hesus; at
3. ipakita sa pamamagitan ng mga malikhaing gawa, ang pananampalataya at tiwala kay Hesus bilang modelo na nabuhay sa maraming hamon ng buhay.

### II. Konsepto: Mahirap ang pamilya ni Hesus.

**Mga Kagamitan:** *The Holy Bible* (NRSV, 1989), song chart, malaking larawan ng isang tipikal na sambahayang Nazareno noong panahon ni Hesus

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

Kamustahin ang mga bata sa kanilang pagdating. Tanungin ang mga bata patungkol sa nakaraang aralin kung mayroon man silang mga assignments. Konsultahin ang liturhiya sa Pagdatal..

#### B. Paghahanda

1. Ituro ang awit na "With Jesus in the Family"
2. Ganyakin ang mga bata na magbahagi patungkol sa kanilang tahanan. Asahan ang iba't-ibang tugon at siguraduhin na hindi sila makakaramdam ng diskriminasyon yaong mga bata na nagpapakita ng kahirapan.

#### C. Panahon ng Pag-aaral

1. *Motivation.* Sabihin: "Sa ating picture story, malalaman natin kung papaanong ang pamilya ni Hesus ay namuhay sa kanilang tahanan."
2. Ipakita ang larawan sa activity sheets at hayaan ang mga bata na ibahagi ito. Isentro ang atensyon ng mga mag-aaral sa pagsasabing, "Ayon sa mga iskolar sa Bibliya, ito ang makikita ninyo sa loob ng isang tipikal na bahay sa Nazareth sa panahon ni Hesus. Maaaring, si Hesus at ang kaniyang pamilya ay namuhay sa isang tahananang tulad nito."

#### D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan

1. Itanong ang mga sumusunod:
  - a. Ano ang mapapansin ninyo sa bahay na ito? (Maliit at masikip)
  - b. Saan yari ito? (Kahoy at bato)
  - c. Sa inyong palagay, saan natutulog si Hesus dito? (Sa itaas) Sa inyong palagay para saan ang nakarolyong tela? (Sleeping mats) Nais ba ninyong matulog dito? (Marahil "Hindi" dahil parang hindi maayos).
  - d. Para saan ang hagdanan? (Para makarating sa mga silid sa itaas) Bakit sa tingin ninyo mahirap akyatan ang hagdan? (Baka ako ay mahulog kapag ako ay umakyat).
  - e. Saan kayang dako ng tahanan kumakain ang pamilya ni Hesus? (Sa gitnang bahaging tahanan dahil naroon ang tapayan ng tubig)



- f. Bakit naroon ang tapayan sa loob ng silid? (Kailangan nila ito sa loob ng tahanan/silid dahil walang bukal ng tubig sa loob ng tahanan).
- g. Sa inyong palagay si Hesus ba ay may mayamang pamilya o mahirap? Bakit ninyo nasabi ito? (Maaaring magkaiba-iba ang sagot).

### **Dagdag na Gawain Para sa YE**

2. Sabihin na: “Ang pamilya ni Hesus ay mahirap. Ang kanilang bahay ay may kakulangan sa pasilidad. Subalit ang kaniyang pamilya ay nagtitiwala sa tulong na ipagkakaloob ng Diyos. Tulad ng pamilya ni Hesus, ang ating pamilya ay kumakaharap sa mga hamon ng buhay. Ibahagi ang mga hamong kinakaharap ng mga pamilyang Pilipino. Kung sa tingin ninyo ay nararanasan ito ng inyong pamilya, ay tumlon ng isang beses (o humakbang ng isa pasulong).
  - a. Hindi sapat ang pagkain.
  - b. Ang Nanay at Tatay ay palaginang umaalis.
  - c. Walang baon kapag napunta sa eskwelahan.
  - d. Ang aming bahay ay hindi nakapagbibigay sa amin ng kaayusan.
  - e. Wala kaming pera pambili ng mga damit.
  - f. Lagi na lamang may nag-aaway sa pamilya.

### **E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia**

Itanong: “Anong mga bagay ang nagpapakita na ang pamilya ni Hesus ay mahirap? Anong mga bagay ang nagpapakita na ang mga pamilya ay mahirap? Ano ang magagawa natin para makatulong sa kanila?”

### **F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal**

#### **Para sa N/K**

1. *Creative activity.* Ipamahagi ang mga papel na sumbrero (hats) at sabihin sa mga bata na ang tawag doon ay “TRUST HATS.” Maglaan ng mga nagawa nang salita na “In God We Trust” na nasa papel, gunting at pandikit. Ipalaiwanag: “Ang sumbrero ay simbolo, na kung sinuman ang magsusuot ng sumbrero ay siya ang may kontrol. Idikit ang papel na may nakasulat na “In God We Trust” sa sumbrero. Kung may mga bata na nais gumawa ng sariling disenyo ng sumbrero, dumako lamang sa: [www.youtube.com/watch?v=OCJvzSuVT6Q](http://www.youtube.com/watch?v=OCJvzSuVT6Q) para sa pamamaraan.

#### **Para sa YE**

1. *Creative activity.* Sabihin sa klase na sila ay gagawa ng isang poster na ang title ay: “THUMB FAMILY Trust God.” Ipamahagi ang mga materyales: stamp pad na may tinta o kaya ay water color o food color, basahan, lapis, at krayola. Gabayan ang klase ang gawin ang mga sumusunod na pamamaraan:
  - a. Bigyan ng ang bawat bata ng isang bond paper/typewriting paper na may nakasulat na, “JUST TRUST, God Provides.”
  - b. Gabayan ang bawat bata sa paggamit ng stamp pad. Ididikit ng bawat bata ang kanilang, una hinlalaki sa stamp pad na may tinta at ididikit naman sa bond paper. Gamitin din ang ibang daliri para magkaroon ng marka na kakatawan sa bawat miyembro ng pamilya.
  - c. Guhitan ang bawat marka at gawin ang bawat marka na ulo ng bawat isang pamilya.
  - d. Kulayan ang basahan.

**Para sa N/K/YE**

2. *Talk time.* Sabihin: "Papaanong maipapakita ng ating pamilya ang tiwala sa Diyos tulad ng pagtitiwala ng pamilya ni Hesus sa Diyos?" Pangunahan ang mga mag-aaral na sabihin: "Ipinakikita ng aming pamilya ang pagtitiwala sa Diyos kapag...
  - a. Kami'y nananalangin ng sama-sama.
  - b. Aming sinasabi na, "Ang Diyos ang gagawa."
  - c. Aming sinasabi na, "Tutulungan kami ng Diyos na humanap ng kaparaanan."
  - d. Aming sinasabi na, "Masmalaki ang Diyos kaysa sa aming alalahanin."

**G. Pangwakas na Pananambahan**

1. Sauluhing Talata:  
**NK:** "The people who walked in darkness have seen a great light." (Isaiah 9:2a)  
**YE:** "The people who walked in darkness have seen a great light; those who lived in a land of deep darkness - on them light has shined." (Isaiah 9:2)
2. Paghahandog
3. Pangwakas na Awit: "Joy to the World" (Hymnal of a Faith Journey # 127)
4. Pangwakas na Panalangin: "Aming Ama, ikaw ay dakila kaysa lahat ng mga bagay na gumugulo sa amin. Ikaw ay masmalakas kaysa mga bagay na maaaring nakasakit sa amin. Ikaw ay makapangyarihan kaysa sa makapangyarihang kaaway. Kami ay buong pusong nagtitiwala sa iyo! Amen."

## Middle and Older Elementary Levels

### I. Mga Layunin

Matapos ang sesyon, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. ipahayag ang buhay ni Hesus na mula sa komunidad ng mahihirap.
2. ikumpara ang buhay ng mga pamilya na nasa mahihirap na komunidad na maraming kinakaharap na hamon sa buhay na kahalintulad ng kay Hesus; at
3. ipakita o magpakita ng isang pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos bilang si Hesus ang naging modelo.

### II. Konsepto: Naninirahan ang pamilya ni Hesus sa isang mahirap na komunidad.

**Mga Kagamitan:** *The Holy Bible* (NRSV, 1989), song chart, lapis at papel, strips ng bond paper (12"x2"), pandikit, at cartolina

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

1. Welcome time: Kamustahin ang mga bata sa kanilang pagdadatingan. Tanungin ang bata patungkol sa nakaraang aralin. Anyayahan ang isang bata na pangunahan ang klase sa isang panalangin
2. Konsultahin ang Liturhiya sa Pagdatal.

#### B. Paghahanda

1. Anyayahan ang klase na tingnan ang larawan ng isang tahanan Hudyo. Hayaang magbigay ang mga bata ng kanilang obserbasyon.
2. *Pair work.* Hayaang gumawa ang klase ng dalawahan o pairs.
  - a. Sabihin sa bawat pareha na mamili ng isang larawan at itala ang 3-5 tanong na nais nilang itanong upang kanilang malaman kung papaano ang batang si Hesus ay namuhay. Sabihin na kailangan nilang ibigay ang kanilang atensyon sa bawat detalye ng larawan tulad ng hagdanan, tapayan, at detalye na wala sa larawan tulad ng mesa, upuan at palikuran.
  - b. Kailangan na ang magkapareha na gumagawa para sa isang larawan ay magpalitan ng naitala sa gumagawa sa ikalawang larawan.
  - c. Sabihin sa pares na magbahaginan ng kanilang sagot sa klase.
3. Pangunahan ang grupona sabihin na:
  - a. Si Hesus ay namuhay sa isang tahanan na may kaunting pangangailangan.
  - b. Ang mga tao sa komunidad ni Hesus ay namuhay tulad ng pamumuhay ni Hesus.

#### C. Panahon ng Pag-aaral

1. *Motivation.* Sabihin: "Ating subukang balikan ang panahon ni Hesus. Ang istoryang ito ay nagnanais na magsabi kung papaano si Hesus ay nakaipag-daupang palad sa kaniyang malalapit na kapitbahay."
2. Ipahayag ang kwento. Sabihin sa klase na gamitin ang activity sheets.

### Andres, Bakit ka Malungkot?

Isang umaga, habang naghuhugas ng pinggan si Hesus, nakita niya ang kaniyang kaibigang si Andres mula sa kanilang bintana. Mukhang malungkot si Andres habang siya ay nakaupo sa harap ng kanilang bahay.

“Andres,” sigaw ni Hesus. “Bakit ba ang lungkot mo?” tanong niya.

“Nagugutom kami. Hindi pa dumarating ang Tatay mula sa pangingsda. Sana ay nasa maayos siyang kalalagayan,” sagot ni Andres.

“Ah ganoon ba? Hintayon mo ako.” Sabi ni Hesus.

Nanakbo si Hesus papalapit sa kaniyang ina na abala sa pag-aayos ng mga damit. Sinabi ni Hesus sa kaniyang ina ang tungkol kay Andres. Matapos nito, sinabi ni Maria kay Hesus na ibahagi ang natirang tinapay at ilang saging na nasa basket.

“Eto! Kunin mo,” alok ni Hesus. “Alam ko na darating na ang Tatay mo sa pananghalian. Magdadala siya ng pagkain para sa inyong lahat. Hintayin lang ninyo. Mabuti ang Diyos. Iingat na siya sa inyong Tatay. Magtiwala kayo sa Kaniya!” sabi ni Hesus kay Andres na may kasiguruhan.

Nagliwanag ang mukha ni Andres. “Salamat Hesus, ang aking ina at mga kapatid ay matutuwa. Oo, nagtiwala kami sa Diyos. Sinabi ng aking Tatay na manalangin kami lagi,” sagot ni Andres. Matapos noon ay umuwi na si Hesus na may galak sa kaniyang puso.

**D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan**

**Para sa ME**

1. *Retelling.* Ipahayag sa klase na ang lahat ng istorya ay may bahagi na sa pasimula ay problema, solusyon at wakas. Tumawag ng apat na mag-aaral na ipapahayag muli ang mga bahaging ito ng istorya. Ang mga pangungusap na ito ay maaaring hudyat para sa isang mabilis na tugon:

Sa pasimula \_\_\_\_\_.

Ang problema ay \_\_\_\_\_.

Para masolusyunan ito, \_\_\_\_\_.

Sa katapusan \_\_\_\_\_.

**Para Sa OE**

1. *Pagkukumpara.* Isulat ang table na ito sa isang manila paper. Huwag sulatan ang ikalawa at ikatlong bahagi at para ito sa mga may bahagi upang kumpletuhin. Tingnan ang paghihirap pang-ekonomiya na nararasan noong panahon ni Hesus at ikumpara ito sa nararasan natin ngayon.

Challenges experienced	Poor communities in Jesus' times	Poor communities now
Food	(People experienced lack of food)	(There are people who experience hunger.)
Houses	(Houses were cramped. Some people lived in streets.)	(Poor people still live in slum areas where they have very little necessities.)
Health	(Sick people did not get treatment.)	(We have hospitals, but poor people cannot afford them.)

2. *Pagbibigay Interpretasyon.* Sabihin: Papaano ninyo ikukumpara ang dalawang kundisyon na nakatala sa table?

*E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Sabihin: “Sa inyong tingin ano ang nararamdaman si Hesus at ang kaniyang pamilya samantalang sila ay nasa mahirap na komunidad? Ano kaya ang nararamdaman ng mga mahihirap na pamilya sa ating komunidad? “

*F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal*

1. Sabihin: “ Sa istorya, si Andres ay nagtiwala sa Panginoon na siyang magbibigay ng lahat ng kanilang pangangailangan. Si Hesus ay tumugon sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kung ano ang mayroon sa kanila. Sa ngayon, maraming tao ang kumakaharap sa mga hamon tulad ng naranasan ni Hesus.”
2. Tumawag ng isang nakibahagi na magbahagi ng istorya sa kung papaano niya naranasan ang magtiwala sa Diyos na magkakaloob ng kaniyang mga kinakailangan. Tumawag muli ng isa pang nakibahagi na ginamit ng Diyos para tulungan ang nangangailangan.
3. Pangunahan ang klase na maunawaan na ang Diyos ay nagkakaloob ng lahat ng ating pangangailangan. Kasama lagi natin ang Diyos. Ginagamit tayo ng Diyos na tumulong sa nangangailangan tulad ng ginawa ni Hesus na pagtulong sa mga nangangailangan.
4. Tulungan ang klase na gumawa ng tanikala ng mga salita ng pagtitiwala. Sabihin: “Pagtiwalaan ang Diyos na hindi nakikita o naririnig ay isang hamon. Gayun paman, batid natin na ang Diyos ay kasama natin dahil palagi tayong pinagtatagumpay ng Diyos sa bawat paghihirap. Kung napapansin natin na palagi tayong nasa mapanghamong siwasyon, may plano ang Diyos sa atin.”
5. Bumuo ng dalawang grupo. Bigyan ang bawat grupo ng strips ng papel na kung saan ay isusulat nila sa ibang kaparaanan ang, “Nagtitiwala Kami sa Diyos” tulad ng;
 

Ang Diyos ang gagawa.  
 Ang Diyos ang tutulong upang masumpungan namin ang daan.  
 Ang Diyos ay mas malaki kaysa lahat ng gumugulo sa akin.  
 Pangunahan mo ako, Panginoon!  
 Ipinakikita ng Diyos ang daan  
 May perpektong plano ang Diyos.  
 Ang Diyos ay gagawa sa tamang panahon.
6. Tasahin ang tanikalang salita na inihanda ng klase. Ang grupo namay pinakamahabang tanikala ang siyang panalo.

*G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Sauluhing Talata: “Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim.” –Isaias 9:2
2. Pagbubulay sa Aksyon: Magtitiwala ako sa Diyos.
3. Paghahandog
4. Pangwakas na Awit: “Sumabog ang Balita” (Hymnal of a Faith Journey # 141) and “Joy to the World” (Hymnal of a Faith Journey # 127)
5. Pangwakas na Panalangin: “Makapangyarihang Ama, aming itinataas sa iyo ang lahat ng mayroon kami at sino kami. Makapangyarihan ka sa lahat ng gumugulo sa amin. Masmalakas kaysa sa mga bagay na nais na makapanakit sa amin. Nagtitiwal kami sa Iyo. Amen.”

## Youth Level

### I. Mga Layunin

Pagkatapos ng sesyon, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. ipaliwanag ang propesiya ng darating na liwanag na magniningning sa mga tao;
2. ipaliwanag ang buhay ni Hesus sa ilalim ng paghahari ng Emperyo ng Roma tulad ng isang buhay na nabubuhay sa karimlan;
3. maging sensitibo sa kaganapan ng darating na liwanag sa pamamagitan ni Hesus; at
4. makagawa ng resolusyon kung papaano mamuhay sa buhay ng pananampalataya.

### II. Konsepto: Nakararanas ang pamilya ni Hesus ng paghihirap sa ilalim ng Emperyo ng Roma.

**Mga Kagamitan:** *The Holy Bible* (NRSV, 1989), hymnal, activity sheet, tape, picture cut outs from old socio-political magazines, glue, poster paper, YouTube video, laptop/video player, candle/light bulb cut-outs

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

1. Welcome time
2. Konsultahin ang Liturhiya sa Pagdatal.

#### B. Paghahanda

1. Bago magpasimula, inaasahang nakagupit na ang teacher ng mga old magazine na may larawan ng mga positibo at negatibong dulot ng impluwensya ng mga dayuhan. I-grupo ang mag-aaral sa tatlo. Hayaang pag-usapan at ibahagi ang kanilang alam tungkol sa karanasan ng Pilipino sa ilalim ng mga mananakop sa usapin ng (1) Paggawa, (2) Pamahalaan, at (3) Ekonomiya. Pagawin sila ng "collage" na ang tingin nila sa kalalagayan na mayroon tayo.

*Group 1: Paggawa.* Isipin ang panahon ng mga Kastila, Amerikano at Hapon na sumakop sa Pilipinas. Ano sa palagay ninyo ang kundisyong pamahalaan sa ilalim ng mga mananakop?

*Group 2: Pamahalaan.* Isipin ang panahon ng mga Kastila, Amerikano at Hapon na sumakop sa Pilipinas. Ano sa palagay ninyo ang kundisyong paggawa sa ilalim ng mga mananakop? Anong mga batas/polisiya ang maipapatupad? Sino ang magpapatupad? Ano ang maidudulot nito sa Pilipino?

*Group 3: Mayayaman at Mahihirap.* Isipin natin ang kundisyong pang-ekonomiya ng ating bansa ngayon. Sino ba ang maituturing na mahirap? Sino ang maituturing na mayaman? Ano ba ang mayroon ang mayaman na wala ang mahihirap (materyal, oportunidad etc.)?

2. Matapos ang paggu-grupo, itanong ang mga sumusunod:
  - a. Ano ang pakiramdam ninyo matapos ang poster collage na ito?
  - b. Bakit sa tingin ninyo ay hinayaan ng Diyos na maigpawan ng mga tao ang hirap sa ilalim ng tatlong mananakop?
  - c. Hayaan silang ibahagi ang kanilang pinag-usapan. Hayaan ding idikit ng mga mag-aaral ang kanilang ginawang poster para makita ng iba.

#### C. Panahon ng Pag-aaral

1. Sabihin: "Matuto tayo patungkol sa kung papano namuhay ang pamilya ni Hesus sa ilalim ng naghaharing kapangyarihan ng Emperyo ng Roma. Basahin ang Isaias 9:2 at Lukas 2:1-3.

2. Hayaang kumpletuhin ng klase ang sumusunod na saknong at ibigay ang nawawalang mga salita. Maaari silang pumili mul sa mga salita na nasa kahon.

Yahweh (5)	Bilanggo (6)	Kasaysayan (1)	Bansa (4)
Opresyon (3)	Kalayaan (2)	Dayuhan (7)	

Ang mga Hudyo ay ipinagmamalaki ang kanilang (1) \_\_\_\_\_. Sila ay naging alipin.

Nanais ng Diyos na pagtagumpayan at maranasan ang (2) \_\_\_\_\_ mula sa mga Egipciong (3) \_\_\_\_\_. Sila'y naging isang bagong (4) \_\_\_\_\_ sa ilalim ng bagong pagkakakilanlan sa Diyos na ngalang (5) \_\_\_\_\_.

Subalit maraming sa henerasyon sila ay (6) \_\_\_\_\_. Silay ay binigyang laya sa ilang panahon at pamunuan paulit-ulit sa pamamagitan ng (7) \_\_\_\_\_ nagpapahirap. Nang dumating si Hesus, ang kanilang pag-asa ng kalayaan ay nagpatuloy.

**D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan**

1. Itanong:

- Ano sa palagay mo ang kalalagayan ng pamilya ni Hesus sa ilalim ng pamumuno ng mga Romano? Ano kaya ang kalalagayan ng paggawa, pamahalaan, at ekonomiya ng mag Hudyo sa ilalim ng mga Romano?
  - Ano ang sinasabi ng Isaias 9:2 patungkol sa tungkuling gagampanan ni Hesus? Ano ang sinasabi nito sa idudulot ni Hesus sa mga tao?
2. Ipapanood sa mga mag-aaral ang isang video mula sa <https://www.youtube.com/watch?v=wN5SILxm55Q>. Itanong: "Mula sa pinanoon at sa awit na pinakinggan, sa anong paraan sa panahon natin tayo ay nasa karimlan? Sa papanong paraan din si Hesus ay naging ilaw sa kadiliman?"

**E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia**

Itanong: "Papaanong ang paghihirap na naranasan ni Hesus at nang kaniyang pamilya sa ilalim ng Emperyo ng Roma ay nakatulong sa atin sa pagaharap sa mahihirap sa ating buhay?"

**F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal**

Bigyan ang bawat mag-aaral ng papel na hugis kandila. Sulatan nila ng dalawang kaparaanan, bilang mga alagad ni Hesus o bilang kabataan na nagpapahayag ng kanilang pananampalataya kay Hesus, na naging liwanag sa daigdig. Idikit nila ito sa posters/collage bilang simbolikong kaparaanan ng pagdadala ng liwanag sa karimlan ng mundo. Ganyakin ang bawat mag-aaral na magbigay ng isa o dalawang bagay mula sa papel na hugis kandila na ang klase ay maaaring isagawa bilang gagawin nila sa Kapaskuhan.

**G. Pangwakas na Pananambahan**

- Sauluhing Talata: "Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim." –Isaias 9:2
- Paghahandog
- Pangwakas na Awit: Sumabog ang Balita" (Hymnal of a Faith Journey # 141)/ "Joy to the World" (Hymnal of a Faith Journey # 127)
- Pangwakas na Panalangin: "Mahabaging Diyos, tulungan kaming magsisi na may pusong mapagpakumbaba. Ito ang aming panalangin, sa nagalan ni Hesus. Amen."

## Adult Level

### I. Mga Layunin

Matapos ang sesyon, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. ipaliwanag ang propesiya ng darating na liwanag na magniningning sa mga tao;
2. ipaliwanag ang buhay ni Hesus sa ilalim ng paghahari ng Emperyo ng Roma tulad ng isang buhay na nabubuhay sa karimlan;
3. maging sensitibo sa kaganapan ng darating na liwanag sa pamamagitan ni Hesus; at
4. makagawa ng resolusyon kung papaano mamuhay sa buhay ng pananampalataya.

### II. Konsepto: Nakakaranas ang pamilya ni Hesus ng paghihirap sa ilalim ng Emperyo ng Roma.

**Mga Kagamitan:** *The Holy Bible* (NRSV, 1989), hymnal, activity sheets


### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

1. Welcome time
2. Konsultahin ang Liturhiya sa Pagdatal.

#### B. Paghahanda

1. Isulat ang salitang "LIWANAG" sa board. Pangunahan ang klase sa paggawa ng isang konseptong sapot sa pamamagitan ng pagsasabi kung ano ang kanilang nasa isip smatapos nilang mabasa ang salita.
2. Matapos na magawa ang mapang konsepto, bumuo ng grupong dalawahan. Hayaan na ang bawat pares ay pumili ng salita mula sa mapa at magpalitan sila ng ideya patungkol sa klanilang ginawang pagpili.



#### C. Panahon ng Pag-aaral

1. Ipabasa sa klase ang biblikal na talataan.
2. Pangunahan ang klase sa pag-uusap patungkol sa teksto.
 

Isaias 9:2-5

  - a. Hayaan na ang klase ay maka-ugay sa konsepto ng liwanag sa propesiya ng Isaias patungkol sa pagdating ng dakilang liwanag na magbibigay kagaanan sa buhay noong namumuhay sa karimlan.
  - b. Tanungin ang klase kung ang maibibigay ng liwanag sa mga tao:
    - 1) Dadagdagan ang kanilang kagalakan.
    - 2) Babaliin ang pamatok na kanilang pasan.

Lukas 2:1-3

  - a. Ang pangangailangan ng Kautusan para sa mga Hudyo para sa isang konsensus.
  - b. Ang epekto ng Kautusan sa buhay ng mamamayang Hudyo.
3. Pag-usapan ang epekto sa pamilya ni Hesus na namumuhay sa ilalim ng makapangyarihang mananakop, ang Emperyo ng Roma.



*D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahagin*

Ipahayag sa klase kung ano ang kanilang nais ibahagi patungkol sa kanilang saloobin sa sumusunod:

1. Ang paghihirap na nararanasan ni Hesus at ng kaniyang pamilya sa ilalim ng Emperyo ng Roma.
2. Ang paghihirap na nararanasan ng mga tao.
3. Kaparaanan na makakatulong sa atin kapag tayo'y humaharap sa hirap ng buhay.

*E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Itanong: "Papaanong ang pamilya ni Hesus ay namuhay sa ilalim ng nagdominang kapangyarihan ng Emperyo ng Roma? Papaano tayo haharap sa buhay na puno ng paghihirap?"

*F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal*

1. Sabihin: "Ang Panginoon ay nagkakaloob sa atin ng mga bagay na hindi natin inaasahan. Halimbawa, hindi natin nais na maging mahirap, subalit ang Panginoon ay tila nais na tayo ay masadalak sa ganoong sitwasyon upang turuan tayo ng mahalagang leksyon tulad ng pagsusumikap at pagtitiyaga. Kaparaanan din ng Diyos na ipakita sa atin na siya ang gumagawa sa ating buhay. Kailangan lamang natin ay ang MAGTIWALA SA DIYOS.
2. Ipahayag sa klase na gumawa ng poster. Na kung saan ilalagay ang linya ng pagtitiwala sa Diyos. Sabihin sa klase na kailangan silang gumawa ng dalawahan o pares o tatluhan at kailangang makumpleto ang blankong espasyo. Kailangan na mag-ulat ang grupo sa tila isang poster sa porma.
  - a. Humiling ako ng lakas...At pinagkalooban ako ng Diyos ng paghihirap upang ako'y maging malakas.
  - b. Humiling ako ng karunungan...At pinagkalooban niya ako ng \_\_\_\_\_ para \_\_\_\_\_.
  - c. Humiling ako ng Kasaganaan...At pinagkalooban niya ako ng \_\_\_\_\_ para \_\_\_\_\_.
  - d. Humiling ako ng Tapang...At pinagkalooban niya ako ng \_\_\_\_\_ para \_\_\_\_\_.
  - e. Humiling ako ng Pag-ibig...At pinagkalooban niya ako ng \_\_\_\_\_ para \_\_\_\_\_.
  - f. Wala akong natanggap na nais ko. Natanggap ko'y lahat ng kailangan ko.
3. Ganyakin ang klase na gumawa ng resolusyon kung papaano sila mamumuhay sa pananampalataya sa pamamagitan ng pagpili sa mga pangungusap na unang inilalahad.

*G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Paghahandog
2. Pangwakas na Awit: "Sumabog ang Balita" (Hymnal of a Faith Journey # 141)/ "Joy to the World" (Hymnal of a Faith Journey # 127)
3. Pangwakas na Panalangin: "Mahabaging Diyos, tulungan kaming mangagsisi na may mapagpakumbabang puso. Ito ang aming dalangin sa pangalan ni Hesus. Amen."